BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: ika-27 ng Hunyo, 2018
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

Magsisimula na ang pinahihintulutang panahon ng pagsunog para sa mga sunog sa pamamahala ng pastulan

SAN FRANCISCO - Bay Area Air Quality Management District (Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na ang panahon ng bukas na pagsunog para sa mga sunog sa pamamahala ng pastulan ay magsisimula sa Linggo, ika-1 ng Hulyo, 2018 at magtatagal ito hanggagng ika-30 ng Abril, 2019.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi nagdedeklara ng mga araw ng SUNOG kapag umiiral ang *Alerto na Spare the Air (Iligtas ang Hangin)*. Ang ilan sa mga sunog mula sa bukas na pagsunog ay maaaring bawasan ang panganib ng wildfire sa rehiyon.

Ang mga sunog sa pamamahala ng pastulan ay itinakda para alisin ang mga hindi ninanais na mga halaman mula sa mga pampubliko o pribadong lupa kung saan nangingingain at kumakain ang mga hayop na inaalagaan sa komersyal na paraan tulad ng mga kabayo, baka at tupa. Ang mga sunog sa pamamahala ng pastulan ay itinatakda o pinapayagan ng pampublikong opisyal sa sunog sa lokal na hurisdiksyon. Ang susunugin na mga grupo ng halaman ay dapat putulin, durugin o bunutin gamit ang mekanikal na kagamitan, o tuyuin nang kahit anim na buwan bago sunugin, kung malalaman ng Direktor ng Estado ng Paggugubat o pampublikong opisyal ng sunog na maaari itong gawin. Ang mga hindi ninanais na puno na mahigit sa anim na pulgada sa diyametro ay dapat putulin bago sunugin at tuyuin para sa pinakamababang anim na buwan.

Ang mga sunog para sa pamamahala ng pastulan na inaasahang lumampas sa 10 acre ang laki, o mga sunog para sa pag-aalis ng tumpok ng sinunog na halaman na inalis o nabuo mula sa paggamot ng mahigit sa 10 acre ng lupa, ay kinokontrol bilang mga sunog para sa pamamahala ng mga halaman sa parang at sasailalim sa inirerekomendang mga kinakailangan sa pagsunog sa Regulasyon 5 ng Air District seksyon 401.15 at 408. Dapat ding tanungin ng mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya sa sunog o CAL FIRE para sa mga kinakailangan para makakuha ng pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGSUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulutang sunog ay maaari lang itakda sa mga itinatag na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGSUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Opisina ng Mga Pakikipag-ugnayan ng Air District
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Air District | Mga Paglalabas ng Balita